# Ano ang Kwalipikadong Kaganapan?

Ang isang kwalipikadong kaganapan ay anumang kaganapang militar o isang mahalagag pangangailangan na nagreresulta mula sa deployment ng miyembro ng pamilya. Para sa PFL, ang kaganapang militar ay hindi kinakailangan na maganap sa California.

Ang mga halimbawa ng mga kwalipikadong mga kaganapan:

- Pag-ayos ng pangangalaga sa anak o pangangalaga ng magukang sa deployment.
- Pagtulong sa paggawa ng legal o pinansyal na pag-aayos sa panahon ng deployment.
- Pagdalo sa pagpapayo.
- Pagtulong sa miyembro ng pamilya sa panahon ng pagpapahinga o leave ng pagpapagaling.
- Pagdalo sa kaganapan o mga seremonya na inisponsor ng militar.
- Pangangatawanan ng miyembro ng pamilya sa pederal, estado, o lokal na mga kaganapan.
- Pagtugon sa mg isyu dahil sa kamatayan ng miyembro ng militar.
- Ibang mga aktibidad na sumang-ayon ang namamahala ng empleyado at empleyado sa isang kwalipikadong kaganapan, pati na rin ang oras at durasyon ng leave.

# Ano ang Itinuturing na Deployment

Ang deployment ay tinutukoy na isang sakop na aktibong responsibilidad o active duty, isang tawag o abiso ng nakabinbin na sakop ng aktibong responsibilidad, isang pagpapahinga at leave ng pagpapagaling mula sa  sakop na aktibong responsibilidad.

Ang leave ng pagpapahinga at pagpapagaling ay maaaring gawin kahit saan.  Ibigay ang kautusan para sa miyembro ng pamilya sa militar na nagpapakita ng leave sa pagpapahinga at pagpapagaling upang kwalipikado para sa mga benepsiyo.

CALIFORNIA
PAID FAMILY LEAVE
**moments matter.**

| | |
|---|---|
| **Ingles** | 1-877-238-4373 |
| **Espanyol** | 1-877-379-3819 |
| **Cantonese** | 1-866-692-5595 |
| **Vietnamese** | 1-866-692-5596 |
| **Armenian** | 1-866-627-1567 |
| **Punjabi** | 1-866-627-1568 |
| **Tagalog** | 1-866-627-1569 |
| **TTY** | 1-800-445-1312 |

Maaari ka ring bumisita sa PFL o opisina ng Insurance ng Kapansanan upang makakuha ng claim form, makatanggap ng impormasyon, o makipag-usap sa isang kinatwan.  Maghanap ng State Disability Insurance Office (edd.ca.gov/Disability/Contact_SDI.htm) na malapit sa iyo.

Ang EDD ay isang employer/programang nagbibigay ng pantay-pantay na oportunidad. Makukuha ang mga karagdagang tulong at serbisyo kapag hiniling ng mga indibidwal na may mga kapansanan. Ang mga kahilingan para sa mga serbisyo, tulong, at/o alternatibong format ay kailangang gawin sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-490-8879 (voice). Sa mga gumagamit ng TTY, mangyaring tawagan ang California Relay Service sa 711.





# Nabayarang Leave ng Pamilya para sa mga Miyembro ng Pamilya ng Militar ng California

**Ang Paid Family Leave (PFL) ng California ay nagbibigay sa mga pamilya ng militar sa hanggnag walong linggo ng bahagyang -kapalit-sa-sahod na benepsiyo upang makilahok sa kwalipadong kaganapan dahil ang isang miyembro ng pamilya ay naipadala sa isang dayuhang bansa.**

Employment Development Department
State of California

# Sino ang karapat-dapat?

Upang maging karapat-dapat para sa kabayarang benepisyo ng PFL, kailangan na:

- Kailangan na magpaliban sa trabaho upang maaklahok sa isang kwalipikadong kaganapan dahil sa mg isang miyembro ng pamilya na militar ay naipadala sa isang dayuhang bansa. Ang miyembro ng pamilya ay isang asawa, rehistradong domestic partner, magulang, o anak.
- Nagtrabaho sa Califronia at nagbayad sa State Disability Insurance (SDI) (nakatala bilang “CASDI” sa karamihan sa mga paystubs) sa nakaraang 5 hanggang 18 na buwan.
- Hindi kinuha ang maksimong 8 na linggo ng PFL sa nakaraang 12 na buwan.

Ang katayuan sa pagiging mamamayan at imigrasyon ay hindi nakakaapekto sa pagiging karapat-dapat.





# Paano Ako Mag-a-apply?

Maaari kang mag-aplay para sa mga benepsiyo sa pamamagitan ng pagpuna sa *Claim for Paid Family Leave (PFL) na Benepsiyo* (DE 2501F) na form online o sa pamamagitan ng koreo:

Upang mag-aplay online, bumisita sa SDI Online (edd.ca.gov/SDI_Online).

Upang mag-aplay sa koreo:

- I-order ang papel DE 2501F sa Online Forms and Publications (edd.ca.gov/forms).
- Humiling ng isang claim na papel sa pagtawag sa 1-877-238-4373.
- I-pick up ang papel na claim sa pagbisita sa Contact State Disability Insurance (edd.ca.gov/Disability/Contact_SDI.htm) para sa listahah ng mga lokasyon ng opisina na malapit sa iyo.

Bilang bahagi ng iyong aplikasyon, kailangan mo na magbigay ng:

- Bahagi A – Pahayag ng isang Claimant ng papel PFL claim form
- Pangalan ng namamahala ng empleyado.
- Petsa na nais mag-umpisa ang iyong kahilingan Ito ang unang araw ng leave ng pamilya.
- Nabayarang sahod (kung meron) at huling araw ng trabaho.
- Part E - Sertipikasyon Ng Tulong Militar (ng paper PFL claim form).
- Sumusuportang dokumentasyon na militar tulad ng patunay ng sakop ng aktibong responsibilidad o tawag sa sakop na aktibong responsibilidad at dokumentasyon na sumusuporta sa kwalipikadong kaganapan.

# Ano ang aking mga PFL na Benepisyo?

Ikaw ay maaaring tumanggap ng 60-70 na porsyernto ng iyong lingguhang sweldo mula sa PFL. Maaari kang payagan ng iyong namamahala ng empleyado na gamitin ang iyong bakasyon, sick, paid time off o ibang leave dagdag sa mga benepsiyo ng PFL upang makatanggap ng 100% na porysento sa kabayaran. Tantyahin ang iyong lingguhang halaga ng benepisyo gamit ang Disability Insurance and Paid Family Leave Calculator (edd.ca.gov/PFL_Calculator).

Maaaring gamitin lahat ng PFL nang minsanan o hati sa 12 na buwan na peryodiko.

Alamin sa pagbisita sa Paid Family Leave for Military Family Members (edd.ca.gov/disability/paid-family-leave/Military-Family-Members.htm).



